REPUBLIC OF THE PHILIPPINES
DEPARTMENT OF EDUCATION, CULTURE AND SPORTS
Meralco Avenue, Pasig, Metro Manila

OFFICE OF THE SECRETARY

Pebrero 1, 1999

MEMORANDUM PANGKAGAWARAN
Blg 27, s 1999

## PAGPAPATIBAY LAKAS-GURO SA PAGTUTURO NG FILIPINO NILALAMAN, METODO AT RISERTS

Sa Mga
Direktor ng Rehiyon
Tagapamanihala ng mga Paaralan
Pinuno ng mga Pribadong Paaralan
sa Sekundarya

1 Ang Departamento ng mga Wika ng Pilipinas, ng Kolehiyo ng Malalayang Sining ng Pamantasang De La Salle – Maynila, sa taguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino, ay magdaraos ng isang Pambansang Seminar-Worksyap sa Pagpapatibay Lakas-Guro (teacher empowerment) sa pamamagitan ng makabagong nilalaman at metodo sa pagtuturo ng Filipino na gaganapin sa Tanghalang William Shaw, DLSU, Taft Avenue, Maynila mula Abril 26 hanggang 28, 1999

2 Ang pangkalahatang paksa ng Pambansang Seminar-Worksyap ay "Pagpapatibay Lakas-Guro sa Pagtuturo ng Filipino Nilalaman, Metodo at Riserts"

3 Pagkatapos ng tatlong araw na Seminar-Worksyap, maasahang ang bawa't partisipant ay

a magtatamo ng pagpapatibay lakas (empowerment) sa pamamagitan ng mga bagong kaalaman sa nilalaman at metodo ng pagtuturo ng wika,

b makikilahok sa mga pakitang turo sa pagbasa at pagsulat sa iba't ibang level ng instruksyon, at,

c mapatataas ang kamalayan sa pamamahala ng mga programa sa Filipino, gayundin sa riserts

4 Inaanyayahang dumalo sa Seminar-Worksyap na ito ang lahat ng kinatawan ng mga tanggapang sentral ng DECS, Komisyon ng Lalong Mataas na Edukasyon, panrehiyon at pansangay na tagamasid/tagapag-ugnay/tagapangulo ng departamento sa Filipino ng lahat ng antas ng edukasyon sa mga

institusyong publiko at pribado Ang pagdalo ay kailangang naaayon sa opisyal na oras

5 Ang halagang Tatlong Libong Piso (P3,000 00) na ilalaan sa pagkain, tirahan, kagamitan sa Worksyap at iba pa ay manggagaling sa pondo ng departamento ng wika ng mga pribadong institusyon, o sa iba pang maaaring pagkukunan ng pondo

6 Dahil sa kahalagahan at pagiging napapanahon ng Seminar-Worksyap, maasahang ipababatid agad sa lahat ng kinauukulan ang Memorandum na ito

ANDREW GONZALEZ, FSC
Secretary

Sanggunian
Wala

Pamumudmod 1—(D O 50-97)

Ilalagay sa <u>Palagiang Talatuntunan</u> sa ilalim ng sumusunod na paksa

- Course of Study, FILIPINO
- SEMINARS
- WORKSHOPS